

THE UNIVERSAL HOUSE OF JUSTICE

Riḍván 2019

To the Bahá'ís of the World

Dearly loved Friends,

As the Most Great Festival has drawn closer, we have been transported by feelings of gratitude and anticipation—gratitude for the wonders that Bahá'u'lláh has enabled His followers to accomplish, anticipation of what the immediate future holds.

The momentum generated by the worldwide celebrations of the bicentenary of the Birth of Bahá'u'lláh has only grown since. The accelerated development of the Bahá'í community, its rising capacity, and its ability to draw on the energies of more of its members emerge vividly from a summary of its recent global attainments. Of these, an increase in community-building activities stands out in particular. The current Five Year Plan follows twenty years of effort by the Bahá'í world to systematically refine and multiply these activities—but remarkably, in the Plan's first two and a half years, the number of core activities alone rose by more than half. The worldwide community has shown the capacity to engage, at any given time, over a million people in such activities, helping them to explore and respond to spiritual realities. In the same short period, the number of gatherings for prayer nearly doubled—a much-needed response to humanity's growing estrangement from the Source of hope and bounty. This development holds special promise, for devotional meetings infuse a new spirit into the life of a community. Interwoven with

Sa mga Bahá'í ng Daigdig

Minamahal na mga Kaibigan,

- 1 Habang lumalapit ang Pinakadakilang Pista, kami ay natatangay ng mga damdamin ng pasasalamat at pag-aasam—pasasalamat sa kamangha-manghang mga bagay na itinulot ni Bahá'u'lláh na magawa ng Kaniyang mga tagasunod, at pag-aasam sa ihahatid ng kagyat na hinaharap.
- 2 Ang buwelong nilikha ng pandaigdigang mga pagdiriwang ng bisentenaryo ng Kapanganakan ni Bahá'u'lláh ay tumindi pa mula noon. Ang mas mabilis na pag-unlad ng pamayanang Bahá'í, ang tumataas nitong kapasidad, at ang kakayahan nitong gamitin ang mga lakas ng higit na maraming mga miyembro nito ay lumilitaw nang napakalinaw mula sa buod ng bago nitong mga tagumpay sa buong daigdig. Mula rito, ang pagdami sa mga gawain ng pagtatatag ng pamayanan ay lalong kapansin-pansin. Ang kasalukuyang Five Year Plan ay ipinagpapatuloy ang dalawampung taong pagsisikap ng sandaigdigang Bahá'í upang masistemang pinuhin at paramihin ang mga gawaing ito—subalit kapuna-puna, sa loob ng unang dalawa't kalahating taon ng Plano, ang tanging bilang ng mga *core activity* ay tumaas nang mahigit sa kalahati. Ipinakita ng pandaigdigang pamayanan ang kakayahang makipag-ugnay, sa alinmang tiyak na panahon, sa mahigit isang milyong katao sa gayong mga gawain, tinutulungan silang saliksikin at tumugon sa espiritwal na mga realidad. Sa maikling panahon ding iyon, ang bilang ng mga pagtitipon upang manalangin ay halos nadoble—isaing lubos na kinakailangang tugon sa lumalalang kalayuan ng loob ng sangkatauhan

educational efforts for all ages, they reinforce the lofty purpose of those efforts: to foster communities distinguished by their worship of God and their service to humankind. Nowhere is this more evident than in those clusters where the participation of large numbers in Bahá'í activities is being sustained and the friends have passed the third milestone in their community's development. We are delighted to see that the number of clusters where the process of growth has advanced this far has already more than doubled since the beginning of the Plan and now stands at around five hundred.

This brief survey cannot do justice to the scale of the transformation that is under way. The outlook for the remaining two years of the Plan is bright. Much has been achieved this last year by widely disseminating lessons learned from the stronger programmes of growth in clusters that, as we hoped, have become reservoirs of knowledge and resources. The International Teaching Centre, the Counsellors, and their tireless auxiliaries have stopped at nothing to ensure that friends in all parts of the world can benefit from this acceleration in learning and apply the insights being gained to their own realities. We rejoice to see that in a growing number of clusters, and in neighbourhoods and villages within them, a nucleus of friends has emerged who through action and reflection are discovering what is required, at a particular point, for the process of growth to advance in their surroundings. They are drawing on the potent instrument of the institute, through which capacity to contribute to the spiritual and material prosperity of the community is enhanced, and as they act, the number of those joining them is

mula sa Pinagmumulan ng pag-asa at biyaya. Ang pangyayaring ito ay nagtataglay ng bukod-tanging pangako, sapagkat ang mga *devotional meeting* ay nagsasalin ng panibagong espiritu sa pamumuhay ng pamayanan. Inihahabi sa mga pagsisikap sa edukasyon para sa lahat ng edad, pinalalakas ng mga ito ang matayog na layunin ng mga pagsisikap na iyon: ang luminang ng mga pamayanang natatangi sa kanilang pagsamba sa Diyos at sa kanilang paglilingkod sa sangkatauhan. Ito ay lubos na nakikita sa gayong mga cluster kung saan ang pakikilahok ng malalaking bilang sa Bahá'í na mga gawain ay naipagpapatuloy at ang mga kaibigan ay lumampas na sa pangatlong palatandaan (o *milestone*) sa pag-unlad ng kanilang pamayanan. Ikinagagalak naming makita na ang bilang ng cluster kung saan ang proseso ng paglaki ay sumulong na nang ganito kalayo ay higit na sa doble mula sa simula ng Plano at sa ngayon ay nasa humigit-kumulang limang daan na.

- 3 Itong maikling pagsiyasat ay hindi makapagbibigay-katarungan sa antas ng pagbabagong nagaganap. Ang pag-asa para sa nalalabing dalawang taon ng Plano ay napakaganda. Malaki ang natamo sa nakaraang taon sa pamamagitan ng pamamahagi ng mga aral na natutunan mula sa higit na malakas na mga programa ng paglaki sa mga cluster na, tulad ng aming inaasahan, ay naging mga imbakan ng kaalaman at mga yaman. Walang anuman ang nakapigil sa International Teaching Centre, sa mga Counsellor, at sa kanilang walang-kapagurang mga auxiliary upang tiyakin na ang mga kaibigan sa lahat ng dako ng daigdig ay magagawang makinabang mula rito sa pagbilis ng pagkatuto at sa paglapat ng natatamong malalalim na pag-unawa sa sarili nilang mga realidad. Nagdiriwang kaming makita sa lumalaking bilang ng mga cluster, at sa mga magkakalapit bahay at sa mga barangay sa loob ng mga ito, na lumitaw na ang isang panimulang pangkat ng mga kaibigan, sa pamamagitan ng pagkilos at pagninilay-nilay, na natutuklasan kung ano ang kinakailangan, sa anumang tanging yugto, upang sumulong ang proseso ng paglaki sa kanilang mga kapaligiran. Ginagamit nila ang mabisang instrumento ng

increasing. Naturally, conditions vary greatly from place to place, as do the characteristics of growth. But through systematic striving, everyone can make a more and more effective contribution to the work at hand. In every setting, there is pure joy in engaging other souls in meaningful and uplifting conversations that lead, whether quickly or gradually, to the stirring of spiritual susceptibilities. The brighter the flame kindled within the heart of the believer, the greater will be the force of attraction felt by those exposed to its warmth. And to a heart consumed with love for Baha'u'llah, what more fitting occupation can be imagined than to seek out kindred spirits, to encourage them as they enter the path of service, to accompany them as they gain experience and—perhaps the greatest joy of all—to see souls become confirmed in their faith, arise independently, and assist others on the same journey. These are among the most cherished of all the moments that this transitory life affords.

The prospects for advancing this spiritual enterprise are made the more thrilling by the approach of the bicentenary of the Birth of the Báb. Like the bicentenary that preceded it, this anniversary is a moment incalculably precious. It provides all Bahá'ís with marvellous opportunities for awakening those around them to the great Day of God, to the extraordinary effusion of heavenly grace signalled by the appearance of two Manifestations of the Divine Being, successive Luminaries Who brightened the horizon of the world. The measure of what might be possible in the coming two cycles is known to all from the experience of the bicentenary two years ago, and all that was learned on that occasion must be

institute na, sa pamamagitan niyon ang espiritwal at materyal na kasaganaan ng pamayanan ay pinayayabong, at habang sila ay kumikilos, ang bilang ng mga sumasama sa kanila ay lumalaki. Natural lamang na magkakaiba-iba ang mga kalagayan sa iba't ibang mga lugar, at ganoon din naman ang mga katangian ng paglaki. Subalit sa pamamagitan ng masistemang pagsisikap, ang lahat ay makapagbibigay ng higit at higit pang mabisang tulong sa gawaing hinaharap. Sa bawat tagpo, mayroong dalisay na kaligayahan sa pakikipag-usap sa ibang mga kaluluwa sa makabuluhan at nakapagpapasiglang mga usapang tumutungo, nang mabilis man o unti-unti, sa paggising ng mga pandamang espiritwal. Habang higit na maalab ang apoy na pinaririkit sa puso ng mananampalataya, higit na malaki rin ang puwersa ng pagkaakit na madarama ng mga nahaharap sa init nito. At para sa pusong tinutupok ng pag-ibig kay Bahá'u'lláh, ano ang magugunitang higit pang marapat pagkaabalahan kaysa sa humanap ng mga espiritung kahalintulad nito, upang himukin sila sa pagpasok nila sa landas ng paglilingkod, upang alalayan sila habang sila'y nagtatamo ng karanasan—at maaaring ang pinakamatindi sa lahat ng kaligayahan—ay makitang pinagtibay ang mga kaluluwa sa kanilang pananalig, bumabangon nang kusa, at tinutulungan ang mga iba pa sa gayunding paglalakbay. Ang mga ito ang ilan sa pinakamimithing mga sandali na ipinagkakaloob ng naglalahong buhay na ito.

- 4 Ang mga pagkakataon upang isulong itong gawaing espiritwal ay nagiging higit na kapapanabik sa paglapit ng bisentenaryo ng Kapanganakan ng Báb. Tulad din ng bisentenaryong nauna rito, ang kaarawang ito ay isang sandaling di-masukat ang kahalagahan. Ipinagkakaloob nito sa lahat ng mga Bahá'í ang kahanga-hangang mga pagkakataon upang ipamulat sa mga nakapalibot sa kanila ang dakilang Araw ng Diyos, sa bukod-tanging pagbuhos ng makalangit na biyaya na ibinadya ng pagdating ng dalawang Kahayagan ng Poong Maykapal, ang magkasunod na Tanglaw na Sila ang nagbigay-liwanag sa sugpungang-guhit ng daigdig. Ang sukat ng maaaring matamo sa loob ng parating na dalawang cycle ay batid ng

channelled into the plans for the Twin Holy Birthdays this year. As the two-hundred-year anniversary draws near, we will offer frequent supplications on your behalf in the Sacred Shrines, praying that your efforts to befittingly honour the Bab will succeed in advancing the Cause He foretold.

The close of the first century of the Formative Age is but two and a half years away. It will seal one hundred years of consecrated effort to consolidate and expand the foundation so sacrificially laid during the Faith's Heroic Age. At that time the Baha'i community will also mark the centenary of the Ascension of 'Abdu'l-Bahá, that moment when the beloved Master was released from the confines of this world to rejoin His Father in the retreats of celestial glory. His funeral, which occurred the following day, was an event "the like of which Palestine had never seen". At its conclusion, His mortal remains were laid to rest within a vault of the Mausoleum of the Bab. However, it was envisaged by Shoghi Effendi that this would be a temporary arrangement. A Shrine was to be erected, of a character befitting the unique station of 'Abdu'l-Baha, at the appropriate time.

That time has come. The Baha'i world is being summoned to build the edifice which will forever embosom those sacred remains. It is to be constructed in the vicinity of the Ridvan Garden, on land consecrated by the footsteps of the Blessed Beauty; the Shrine of 'Abdu'l-Baha will thus lie on the crescent traced between the Holy Shrines in 'Akká and Haifa. Work on the architectural plans is advancing, and more information will be shared in the coming months.

lahat batay sa karanasan ng bisentenaryong idinaos dalawang taon noong nakaraan, at ang lahat ng natutunan sa pagkakataong iyon ay kailangang ipasok sa mga plano para sa Kambal na Banal na Araw sa taong ito. Habang lumalapit ang ikalawang daantaong kaarawan, madalas kaming mag-aalay ng mga panalangin para sa inyo sa mga Banal na Dambana, isinasamong magtatagumpay ang inyong mga pagsisikap upang parangalan nang angkop ang Báb sa pagsulong ng Kapakanang ibinalita Niya.

5 Ang pagwawakas ng unang siglo ng Panahon ng Paghuhubog ay dalawa't kalahating taon na lamang sa hinaharap. Isasara nito ang isang daang taong konsagradong pagsisikap na patatagin at palawakin pa ang saligang buong pagpapakasakit na itinatag sa Panahon ng mga Bayani ng Pananampalataya. Sa panahong iyon ay gugunitain din ng pamayanang Bahá'í ang sentenaryo ng Pagyao ni 'Abdu'l-Bahá, ang sandaling iyon kung kailan ang minamahal na Master ay pinalaya mula sa mga hangganan ng daigdig na ito upang muling makapiling ang Kaniyang Ama sa mga luklukan ng makalangit na kaluwalhatian. Ang Kaniyang libing, na naganap sa kasunod na araw, ay isang pangyayaring "ang kahalintulad noon ay hindi kailanman nakita ng Palestine". Sa pagwawakas niyon, ang Kaniyang mga labi ay inihimlay sa isang nitso sa Mausoleo ng Báb. Subalit ang nakini-kinita ni Shoghi Effendi ay magiging isang pansamantalang kalagayan lamang iyon. Magtatayo, sa angkop na panahon, ng isang Dambana na ang katangian niyon ay nararapat sa walang-kahalintulad na katayuan ni 'Abdu'l-Bahá.

6 Ang panahong iyon ay dumating na. Tinatawagan ang sandaigdigang Bahá'í na itayo ang gusaling dadambana magpakailanman sa banal na mga labing iyon. Ito ay itatayo malapit sa Hardin ng Riḍván, sa lupang ginawang banal ng mga yapak ng Pinagpalang Kagandahan; ang Dambana ni 'Abdu'l-Bahá kung gayon ay matatagpuan sa hugis gasuklay sa pagitan ng mga Banal na Dambana sa 'Akká at Haifa. Ang paggawa sa mga plano ng arkitektura ay sumusulong na, at ang karagdagang kaalaman ay ibabahagi sa darating na mga buwan.

Feelings of surpassing joy now surge within us, as we contemplate the year ahead and all that it promises. We look to every one of you—those who are occupied with rendering service to Baha'u'llah, labouring in every nation for the cause of peace—to fulfil your high calling.

7 Ang mga damdamin ng nag-uumapaw na kaligayahan ay dumadaluyong sa aming mga kalooban, habang nililimi namin ang parating na taon at ang lahat ng ipinangako nito. Nakatingin kami sa bawat isa sa inyo—kayong mga abala sa pag-aalay ng paglilingkod kay Bahá'u'lláh, nagpupunyagi sa bawat bansa para sa kapakanan ng kapayapaan—upang tuparin ang inyong mataas na layunin sa buhay.

[signed: The Universal House of Justice]